

# Mga Hunos sa Banos

CRISTOBAL F. ALPIO

**MGA HUNOS SA BÁNOS**

**CRISTOBAL F. ALIPIO**

*Freelipiniana*

Karapatang- ari© 2019 ni Cristobal F. Alipio

Reserbado ang lahat ng karapatan maging ang karapatan sa reproduksiyon, pagsipi o paggamit sa anumang anyo o paraan maliban kung may nakasulat na pahintulot buhat sa may-akda.

Larawan sa pabalat ni Virgilio Labial

Published by Krung Gallery of Written Dreams Publishing  
Pasay City



**ISBN: 978-621-95702-1-3**

*“May hunós sa unós ang lanós na bános  
Pag bugnós ng lúnos, may húnos ng únos.”*

Freelipiniana

## NILALAMAN

UNOS	/1
TUNDÓS	/3
LANOS	/4
HUNOS	/5
KABANAN	/6
ULOS	/7
PINAGHUNUSAN	/8
HALIMAW SA BÁNOS	/9
HUNOS NG UNOS	/10
PAGPAG	/11
PINAGDULUHAN	/13
PAGHUHUNOS	/16
HUNOS NANG HUNOS	/17
KAHUNOS-HUNUSAN	/19
KUNG HUNOS NA ANG PAA KO SA BÁNOS	/21
BUKID	/22
HAMOG SA PILAPIL	/23
HAROS	/25
TAGPUANG-GUHIT	/26
MANANANGAMBUKO	/27
BALAT-SIBUYAS	/30
SA GITNA NG BUKID	/31
KATABI SA PAPAG	/33
HUNUSDILI	/34
SEMENTADONG PITAK	/35
AANHIN MO ANG KALSADA?	/36
MAY ITINATAGO ANG BUGHAW NA LANGIT	/37
SAKUNDALIT	/38
SINTIGAS NG TININGKÁL	/39
DILANG	/40
MERIDA	/42

UPANG SANAY	/43
PASYONIPIT	/44
TARIPIKASYON	/46
GUSTONG-GUSTO NILA	/47
MILYANELLE	/45
PALAKA	/50
BISIBIS	/52
BAGYO	/53
HANTUNGAN	/54
ALAY-AY	/55
LANGGOT	/56
BAROG	/57
BALI BA SI TANA?	/58
SILA	/59
HULIP	/60
BAKASYON NG DISYEMBRE	/61
LIGTA	/63
SA GILID NG SAPA	/64
SAKNONG	/66
PAANO PATAYIN ANG MAGSASAKA?	/69
ULILANG PLATO	/70
LITANYA NG MAGSASAKA	/71
MGA TALA	/72

## UNOS

Lumisan ang kawan ng busóg na tagak  
Sa dahóp na bukid at tigang na lunak.  
Ang hanging habagat ang doo'y nagbadya:  
Natipon ang ulap,  
Dilim, lumaganap.  
Sa talim ng kidlat: langit ay napunit;  
Sa ungol ng kulog: lupa'y nangunyapit.

Sa mga bubungan, ulan ay pumatak,  
Tíla luhang agos hanggang sa panyapák.  
Ang hanging habagat ang doo'y nagbadya:  
Ang mga halaman,  
Nagkulay luntian.  
Muling sumariwa, dáting nangarilang —  
Nagmistulang lawà ang bukid at parang.

Nahulog ang butil na di na susupling,  
Maging ang bulaklak, inalay sa libing.  
Ang hanging habagat ang doo'y nagbadya:  
Bango ay lumaos,  
Hikbi'y bumulaos.  
Ang katag-arawang lipos ng pag-irog  
At katag-ulanang mundo'y di iinog.

Sa sawaling gapok at tunglan na pawid  
Ay nagtatampisaw ang bukbok na ganid.  
Ang hanging habagat ang doo'y nagbadya:  
Kahit panaginip,  
Yama'y di ihip —  
Sa inalipungang pálad na may putik  
Ay namumutiktik ang mga limatik.

Noong magdayatan, sako ang inani;  
Sípol na garalgal ang inihihuni.  
Ang hanging habagat ang doo'y nagbadya:  
Mabuti pa'ng peste

Mayroong kamote.  
Sa hapag-kainan ang pantawid-unós  
Ay daop na palad at pagkaing-musmos.

Kung maaawa man ang binging panahon;  
Sana ay umulan ng dolyar at hamón.  
Ang hanging habagat ang doo'y nagbadya:  
Kahit sa kumunoy,  
Linta'y naglulunoy;  
At ang kalakiyang ang gutom ay kanlong,  
May sumpa ng lahi na ibinubulong.

Sino ang sasagip sa lakas ng agos  
Na nilalaro lang ang munting paragos?  
Ang hanging habagat ang doo'y nagbadya:  
Ang mga talangka'y  
Lunurin sa sangka!  
Kahit pitong bagyo ang dito'y dumating  
Hihigupin nati'y papaitang kambing.

06072006 NEUST, Cabanatuan City



## TUNDOS

Kung ang hálas ng panahon ay naghúnos,  
At ang húlas sa bukiri'y lawa halos;  
Ihahakbang ang paningin na hikahos  
Sa hagdanan ng pag-asang kinakapos.

Babaságin ang tahimik na umaga,  
Nang uungâng bagong-taong walang paa;  
Ang gulugod iikutin ng panlimp'ya  
Na tila ba baliktad na tóratóra.

Magbubuhol ang lapát na lilibuhín  
At sa kamang patong-plato'y pupunggusin;  
Isisibár sa may dakong takipsilim  
Na may hakbang na paurong ang tundusin.

Magdiriwang ang dumayong timpapális  
At sisibad sa tatakpong kantitiit;  
O kaysaya! Kung luluha iyang langit,  
Huhugasan ang hirap at pagtitiis.

Maghihintay sa kulandóng ng milagro,  
Harinawa ay maligaw yaong bagyo;  
Kung bangkay na't naninilaw yaring kuko,  
H'wag palaring taguriang magsasakó!

## LANOS

Hayaang matukól ang mga inuhay  
At malágas sa putik ng pagdaralita.  
Ang palay na walang halaga,  
Ang presyong hanggang sa inalipungang  
Paa ng magsasaka.  
Huwag gagapasin  
Upang di pakinabángan  
Ng mga hímod na naninimawa  
Sa presyong naging kumunoy  
Sa paa ng magsasaka.  
Huwag ititimbón  
Ang mga belità ng kinikilik  
Na parang bagong-silang na sanggol  
At iiwan sa tarangka ng mansiyon  
Ng kamay na inalipunga.  
Huwag gigiikin  
Upang di pagpistahan ang ipáng  
Ipanggagatong sa pabrika  
At ipang-iinit sa sikmurang  
Sa bulate'y may halaga.  
Huwag ibibilad  
Ang mga butil na gintong  
Sinisisid ng mga matang  
Kumakalupkop sa mga luhang  
Nalagas sa putik ng pagdaralita.  
Huwag kikiskisin  
Upang maging bigas na gigilingin  
Ng nagtatagisang  
Bungal na mga ngipin;  
Hayaang matukól ang mga inuhay!

## HUNOS

Ako'y nakanganga –  
Pipís, walang laman  
Sa panahon ng lináng.  
Malamnan man –  
Ay ng binhing ibababad sa sapa  
Upang manupling kung mamaga

O lalagyan ng pataba  
Na sa punla'y ibibisibis  
Upang di manulyapis.  
Kulandong sa tag-init,  
Kapote sa tag-ulan,  
Pansapin sa likod ng kalabaw.

Hanggang sa anihang  
Mapupuno akong bundat  
Ng palay na matimyas –  
Sa busóg ko'y isusukang lahat  
At iuuwi akong nakabastâ  
Sa iisang bituka

Walang natirá.  
Kayâ lalamnan mo ng ipa at giníkan  
O magiging basurahan.  
May panahong ilalagay  
Ang kalansay mong lasóg na  
Sa aking pagkangangá.

## KABANAN

Hindi ka na isisilang sa lináng,  
Tulad ng harimunan ng tulyápis at giníkan;  
Maging sa pabuhól-punla  
Ay hindi ka na iiral  
Na bukambibig ng magsasakó.

Hindi ka na maipapangako  
Sa taingang-lipya ng may-ari ng araro;  
Upang pag-umusáran sa tarundón  
Ng mga kalakiyang nagsisilaya  
Sa kariton tuwing dayátan.

Hindi ka na maisasangkálan  
Ng kumakalam na bitukang  
Nagsasábog-abono sa bános  
At sikulo ng sakahán –  
Upang maging manunubos.

Hindi ka na pamimitawanan  
Ng agaw-búhay na pag-asa  
Ng kalawanging lílik na nakasuksok  
Sa dingding na sawali –  
Ng giráy na dampa.

Hindi ka na bubuhayin  
Ng halimaw na gumugúsad sa pasyók;  
Lalamúnin ang alaala mo  
At di na maririnig ng mga batang  
Magsasangámbukó.

102218 Lagro, QC

## ULOS

*“Isang kaban, Isang dagan”*

*-Tudyo sa Anihan*

Isang kaban ang nawala sa ibabaw –  
Ng karyadang papaahon sa tarundón;  
Kinaladkad ng kariton ang kalabaw.

Si Naty ay papalusong nang matanaw –  
Ni Mang Gastong biglang haltak sa pang-ilong;  
Isang kaban ang nawala sa ibabaw.

Sa baháda si Mang Gaston ay umigpaw;  
At si Naty, ang bilao'y tumilapon.  
Kinaladkad ng kariton ang kalabaw.

Si Mang Gaston ay hineteng kumubabaw,  
At sa gilid na kuguna'y urong-sulong;  
Isang kaban ang nawala sa ibabaw.

Pawang gasák ang kamatis, talong, sitaw  
Nang si Naty ang likuran ay bumangon;  
Kinaladkad ng kariton ang kalabaw.

Binirahán na patayong unat-araw –  
Ng pamitík; at nabaon yaong gulong.  
Isang kaban ang nawala sa ibabaw,  
Kinaladkad ng kariton ang kalabaw.

082118

## PINAGHUNUSAN

Siláng nagsilaki sa likod ng kalabaw –  
Ang bulông sumungkal sa tiningkál,  
Sa paghahabol ng kamaksi sa sugahán.

Siláng sa giníkan ay humihiga  
At pinipilit akyatin ang albór ng mandala  
Sa pantók ng tumana.

Siláng nakasuksok sa likuran ang maragáte  
At nag-uukyabit sa putok na kamatsile  
Bago magbalíbol ng kugon at manakáte.

Siláng nagbubuhat ng báras ng kariton  
At rumerenda sa pang-ilong at panghapón,  
Humihigit ng sinturon at singkaw sa tarundón.

Silá'y nasa unibersidad na ngayon  
At wala nang isisilang na tulad nila sa bálóngbálong.

## HALIMAW SA BÁNOS

Tíla hanging bumubugsong walang hábas,  
Ang "halimaw" sa bukiring gumagapas;  
Itong lingkáw na nabinbing walang talas  
Ay humiling, na bumagyo ng harábas.

Bumagyo man, magsasakó kaming lahat,  
Ang "halimaw" ay di sanáy na pumayat;  
Ang lingkáw ko, bumaha man ay sasangat,  
Sangambukó, sa gutom ko ay sasapat.

Kung "halimaw" ay patuloy sa paglantak,  
Siyam-siyam sa tarundón ay papatak;  
Mga uhay, sususuing parang layák,  
Sa putikan, ang kakai'y mga tagak.

Pag kumidlat at kumulog nang malakas,  
Walang gúlat ang nasupil ay lalabas!  
Kahit lingkáw, kalawangin ay panabás,  
Sa "halimaw" ay pupugot, magwawakas.

Freelipmana

## HUNOS NG UNOS

Ayos lang sa akin, anumang kainin,  
Nasanay na akong magdildil ng asin;  
Plastik ang bituka't may buklok ang ngipin.

Sa hapag-kainan, walang pipiliin,  
Ang lahat ng lasa ay hindi ko pansin;  
Ayos lang sa akin, anumang kainin.

Basura sa tingin, di ko iisipin,  
Basta sa tiyan ko ay mayro'ng pansapin;  
Plastik ang bituka't may buklok ang ngipin.

Sa taas ba naman ng mga bilihin  
May maabot ba ang bibig kong angkin?  
Ayos lang sa akin, anumang kainin.

Sa kinakain ko kahit man laitin,  
Ang tiyang may kabag, hindi daramdamin;  
Plastik ang bituka't may buklok ang ngipin.

Itatae naman, hindi mangingilin  
Anumang isubo'y aking ngunguyain;  
Ayos lang sa akin, anumang kainin,  
Plastik ang bituka't may buklok ang ngipin.



## PAGPAG

Umahon ka sa bános,  
At iniwan ang pagbuhos  
Ng giníkan sa lonang nakasahod;  
Kasi pagod ka na –

Sa dayáming ibinubuga't  
Itinatabon sa 'yo ng tilyadora,  
Nililiglig upang makuha  
Ang mga butil ng palay na itinapon.

Sawa ka na sa amoy na lumlom,  
Sa kabibistay maghapon  
At kapapahangin sa naipon  
Na palay, ipa at tulyápis.

Kaya ang pugong at kapút ay inalis  
At nagbihis ng pambiyaheng damit;  
Umaalimbukay sa kalsada ang gilik,  
Nang humagibis ang bus paluwas.

Sa Maynila ang buhay na hinangad  
Ng tulad mo't nakaisang-palad  
Ay hindi naging mapalad  
Sa tulad n'yong di nakatapos.

Kayâ, kaysa mandukot,  
O magbilad ng katawang may alindog  
Ay nagkasya sa paghahalughog  
Sa tapunan ng pagkaing tira.

Tira man daw ay may lasa  
Kapag mahal ay kasama,  
Hinding hindi isusuka,  
Lalo't kulô ang sikmura.

Ngunit ikaw ay nagsawa  
Sa pagkain sa labas;  
Hindi iyan ang iyong hinahanap,  
Pagod ka nang mamagpag.

Nagpasya kang umuwi sa Ulaning Pitak—  
Wala nang palay sa kalsada,  
Wala na ang kamáda—  
Wala nang lulusungan sa bános.

Freelipiniana

## PINAGDULUHAN

Noon, madalas tayong  
Nag-uubaob sa duluhan —  
Sa tag-araw,  
Umaakyat sa bakbáking-balat  
Na punò ng manggang-kalabaw  
At naglalambayog sa mga sanga;  
Namimitas tayo ng mga manibalang,  
At itinatago natin hanggang sa mahinog  
Sa mandalang nasa tabi ng punò.  
Kapag namútat ang mangga  
Sa tag-ulan,  
Uug-ugin natin at maglalaglagan  
Ang mga salagubang,  
O namimilatok ng Maria Kapra  
At gumagawa ng papugad at patibong  
Ng mga ibon.

Noon, madalas tayong  
Nag-uubaob sa duluhan —  
Sa hapon,  
Pinupúpong natin  
Ang mga sanga ng mangga  
Na nakaduklay at lumililim  
Sa pinítak;  
Matapos tayong magbásag,  
Magpilápil at maglináng.  
Iniuukit ng palimánaw sa punò  
Ang petsa ng sábog-tanim,  
Naglalagí tayo hanggang sibsib  
At baka lumusob ang mga maya  
At pipit.

Noon, madalas tayong  
Nag-uubaob sa duluhan —  
Bago mamítak ang araw  
Sa mga sanga ng punong mangga,  
Doon tayo magtatagpo

At magsisimulang  
Sumakyod nang payao't painot-inot  
At humahangos na nag-uunahang  
Pabalik na sumasadsad;  
Ang naunang tumagpos –  
Ang siyang lalagok  
Ng Sir Alfred lambanog.  
At mamulutan ng inihaw  
Na bálang at kamaksi  
O itlog ng uwis at bakáw.

Noon, madalas tayong  
Nag-uubaob sa duluhan –  
Kapag muragát ang buwan,  
Sa silong ng punong mangga,  
Mga anino tayong may piyuka  
At naghahampas ng inuhay  
Na ating isinípok maghapon.  
Kaalinsabay ng ating halakhakan  
Ang gagkakan ng mga nagsasalimbayang  
Bayákan at paniki.  
Ngayon, madalas tayong mag-ubaob sa duluhan –  
Sa takipsilim,  
Sa tuod na puno ng mangga  
Hawak natin ay baston,  
Habang nagkukwentuhan.  
Sa bános –  
Naroroon pa ang ibang tímpapális  
Na sumasadsad  
Sa sariwang buhos ng kalsada  
Ng itinatayong pabahay –  
Para daw sa mga maralítang  
Taga-lungsod.  
Sa langit,  
Tinatanaw natin ang nagsisilikas  
Na kawan ng tagak  
Patungo sa bundok –  
Doon marahil sila mangingitlog.

## PAGHUHUNOS

Naghuhunos ang lupa  
Ng mga damong ligaw,  
Nang maghunos ang langit  
Ng maiitim na ulap.

Naghunos ang yapak ni Amang  
Sa talahibang namululaklak,  
At hinuhunusan ng mga ulupong.

Naghuhunos ang akasya  
At kamatsili sa mga sandaling  
Naghuhunos ang mga pormal sa tarundón.

Naghunos ang uhay ng mga tulyápis,  
Naghunos ng palay ng giníkan,  
At naghunos ng sako ang mga ipa.

Naghunos ang palad ni Mang Kulas,  
Nagmamalikaskas ang bukirin  
Nang naghuhunos sa hanggang leeg na utang.

Naghuhunos ang naghunos  
Ng hunos na naging hunos.

## HUNOS NANG HUNOS

*“Gamit na gamit na ang katawang-lupa sa lupang ginagamit upang mabuhay ang ibang katawang sa lupa'y nabubuhay, gamit ang katawang di nilulupa kundi binubuhay ng maglulupang nabubuhay – ginagamit, walang lupa.”*

*-Magsasakó*

Kayâ aking anak,  
Aking iiwanang gahol ang pagtahak –  
Sa banâ at lunák.  
Ikaw na'ng maglináng ng ararong hawak,  
Sa 'yo ilalagak  
Yaring kalakiyang anino ng hamak,  
Na aking kayapak  
Sa bános ng lupang dati ay kaylawak.

Sa 'yo aking supling  
Ay ipakikilik ang mga mithiing  
Magsábog ng binhing  
Butil ay hihitik; kahit man malibing,  
Kusang kumikiling  
Sa minulang putik na tukól ang tudling,  
Kapag di dumating  
Ang uláng tikatik sa daliring-sumping.

Sa 'yo aking bunsong  
Nagmanang-pamatok, ikaw ay sumulong,  
Tulad ng ulupong  
Na tumitilaok kahit walang palong;  
Bangis mo'y ilusong,  
Isakyod sa pasyók at sakâ ipúgong,  
Bago mo isúnong  
At doon isipok sa may bálongbálong.

Sa 'yo aking bungang  
Tuwa ko at galak na aking hinirang  
Ay iniaatang  
Ang lahat kong balak sa lupaing latáng,  
Tulad ng katawang  
May dugong sumulak sa tarundo't parang,  
Nagbatis sa bálang,  
Bumista'y sa pitak ng mahal kong tatang.

Freelipiniana

## KAHUNOS-HUNUSAN

Sa kalawangin  
At tengang-lipya  
Ay huwag ipangalandakan  
Ang pangalang nakalista na  
Sa impiyerno.  
Walang bisa ang pangako  
Ng paglilinis sa purgatoryo,  
Upang makamtan ang langit  
Dito sa lupa.  
Siya na nga!

Ang lupa na ipinangako  
Ay hindi pa rin nakakamtan  
Ang titulo;  
Gayong apatnapung taon  
Nang paroo't parito ang mga paa  
Sa lináng ng kalakiyang  
May táraw na singkaw  
Sa anino ng aliping  
Nasa ilalim ng piramida  
At espinghe.  
Siya na nga!

Piniringan ang hubad na mata  
Upang damitang makulay  
Ang lasog-lasog na mga katawang  
Tinamnan ng mga bala;  
Hila-hila ng kareta  
Sa hapilang namumutiktik  
Nang lintik at limatik  
Sa sinisang langit,  
Sa bános na koliseo.  
Siya na nga!

Binubusalan ang mga bunganga  
Ng mga umuunga



Sa sementadong pilapil;  
Binubungal ang mga ngipin  
Ng mga natututong lumamon  
Ng luwad sa labangan,  
Pinuputol ang dila na humihimod  
Sa tuhod ng ibang panginoong  
Namumunini sa dugo  
Ng proletaryong  
Nagtatayo ng Babel.  
Siya na nga!

Ang kalam ng sikmura  
At puyos ng dibdib  
Sa paghigit ng suga  
At pang-ilog  
Ay di malalagot ng kartel,  
At sabwatang  
Lumulusaw maging sa  
Kapangyarihan-aksis.  
Ay! paulanin nawa  
Nang masinsing  
Bomba atomika  
Upang libong taóng  
Wala nang malamon,  
At kamtin ang kapahingahan.  
Siya na nga!

## KUNG HUNOS NA ANG PAA KO SA BANOS

Hahagulgol ang sikmura na kayhapdi  
Sa silong kong kalangitang tagpi-tagpi;  
Maglalamay sa himutok at paghikbi,  
Mga matang sa pagtitig, nakausli.

Ititirik sa puso ko ang damára  
Ng kuragan, ng dupluha't mañanita;  
Sa nilináng na pinitak na kalsada,  
Ang abuloy sa dayata'y ipreprenda.

Magbabantay ang pang-upo sa kabaong  
Na niyari sa lunday na nakadaong;  
Ang nasingkol na baraso'y magtitimon,  
Sa lunakít kalakiyan na de-gulong.

Ang dila koy iuusad sa 'king libing,  
Sa bános kong hinalimaw ang palimping;  
Manggugusad sa tarundón nitong kusing  
Hanggang pampang ng kamilyang walang gising.

Sa diwa ko'y iuukit ang ang pagsilang —  
Na magmuli ng lílik kong taban-taban;  
Ang mamad kong mga sakong-ihahakbang  
Sa may hulong sinimyentong kabukiran.

Sa aba ng daliri kong nangalirang —  
Ay sisigid, salinsing ng himagsikan!

062118

## BUKID

Ang tula ko'y isang bános, imahen ng aking bukid  
Sa taludtod na pilapil, bawat saknong ay pinitak;  
Ang sesura ay tudlingan, ang pitik na pantay-sukat  
Ay may tugma yaong tundós, binhi'y pantig saka titik.

Ang inuhay ay katagang matimyas na talinghaga,  
May butil na munting aral: ang habagat; nagtatanghal,  
Sumusuysoy na magsuhay kapag bagyo ay dumatal.  
Ang amiha'y may salaysay sa timbangang masagana.

Ang pipit na namumugad ay may himig, anong tuwa!  
Uod nama'y nang-uuyam, nagliliming nasa pasyók;  
Ganyan itong aking bukid, parikala ng himutok,  
Larawan na nanghihimok sa puso ko at gunita.

Freelipiniana

## HAMOG SA PILAPIL

Sa gunita na lamang  
Tayo makapaghahabulan  
Sa makitid na pilapil  
Ng bukid  
Ni Ba Pedrong manok –

Na malimit tayong  
Tugisin ng panabás  
Kapag inaalís natin  
Sa pigtas ang itinutulos  
Niyang istaka:  
Bubugnos ang tubig –

At kasabay ng ating  
Halakhakan  
Ang pagmumura ng matanda  
Na hihinto sa paghabol –  
At sasarhan ang pigtas.  
(Sa hapon ay yuko-ulo tayong kaharap  
Ng matatanda sa sitio)

Sa butas ng pilapil ding iyon  
Nasipit ng talangka  
Ang aking hintuturo.  
Hindi ba't doon ka rin  
Nagkapoknat ang ulo –  
Nang hampasin ni Igme  
Ng yantok ang tinutugis nating daga,  
Kumbakit tinangka mong  
Dakmain.  
Hindi ba't sa pilapil na iyon  
Tayo ay animo baguntao  
Na tinuturosang sumunong  
Ng kinabán –  
Malimit na sumala ang paa ko  
At nadudupilas

Kaya naidadagan ko sa 'yo.

Hindi na mauulit iyon.

Pagkat ang pilapil

Ay daang-sasakyan na ngayon;

At sa gilid niyon –

Natagpuan

Ang duguan

Mong

Bangkay.

102818

Freelipiniana

## HAROS

Lalampi-lampi  
Ang bintanang sasá  
Sa paihip-ihip ng hangin;  
Panaka-nakang  
Kumakalapak  
Ang tukod na kandado  
Sa palababahan;

Sa sandaling sisilipin  
Ko ang labas –  
Humihilamos sa mukha ko  
Ang tilamsik ng ulan.  
Nakapagpapakiligkig,  
Kaya lalayo ako –  
At ililipat ang isang mata  
Sa siwang ng dingding na sawali;

At makikita ang lanos  
Na paligid –  
Ang haros na dahon at sanga  
Ng ampalaya,  
Ang bagsak na balag;  
At ang pag-asang  
Inanod ng agos  
Patungo sa sapa.

103018

## TAGPUANG-GUHIT

Hindi natin maabot-  
Abot ng tanaw  
Ang espasyo  
Sa pagitan ng tagpuang-guhit.

Dahil malayo táyo —  
Sa pagpapalipad  
Ng guryong matagal na  
Nating nais gawin

Sa libís ng tumanà  
Na umaalimbukay  
Sa hangin ang bulaklak  
Ng mga tuyong talahib';

Umaalip-ip hanggang  
Sa dakòng birit ng guryong,  
Umuugong ang sumbáyog  
At higit na higit ang pisi.

Kumiwal-kiwal at  
Bumulusok sa dulo ng páso  
At ang lagot na tali  
Ay waring nag-krus  
Sa tagpuang-guhit.

102818

## MANANANGAMBUKO

Kung ibig mong makilala  
Ang isang mandirigma –  
Lalabas ka sa lilim ng iyong sarili  
At magpapasakop sa katauhan ng iba.  
Sa tirik na tirik na sikat ng araw  
Lalakad kang nakayapak  
Sa sungka-sungkang landas ng karéta.  
Hahawiin nang walang punyós na kamay  
Ang namumulaklak na mga talahib.  
Dadapurakin ang mga suyak –  
Masakit,  
Mahapdi.  
Darating ka sa tarundón –  
Ng mga naghuhunos na kamatsili,  
Ibábalalak ang pukol ng tingin  
Sa mga putok na naglambayog sa sanga,  
mag-uukyabit ka at ibabalangat  
Ang mga daliri sa bunga.  
Kakainin mo iyon,  
Matamis,  
Mapakla.  
Bubulaos ka sa baháda  
Patungo sa sangkang –  
Matarik.  
Magbabaging ka  
Sa mga nakausling ugat ng akasya  
Hanggang lumubog sa agos ang iyong paa,  
Binti, hita – baywang.  
Masasalapsap ng lintos mong sakong  
Ang buhangin habang tumatawid  
Sa kabilang pampang.  
Aahon kang basa  
Sa pagkadupilas sa palánas –  
Malamig,  
Makati.



Sasalubong sa iyo  
Ang kumakaway na mga kugon,  
Mamimilapil ka sa pagtatakipsilim ng bános  
Na namimiták ang mga pinitak;  
At mistulang bakal ang mga tiningkál.  
Masasamyó mo ang lumlom na buntón  
Ng giníkan –  
Maalimuóm,  
Magilik.  
Sa siwang ng mga tiningkál  
Masisilat ang iyong mga paa,  
Masasangkalan ang iyong bukongbukong.  
Hangos ang paghakbang  
Sa gitna ng bános –  
Makikita mo ang bulóng nagsasamulaw  
At ibig-ibig nang makauwi  
Sa balongbalong.  
Maaapakan mo ang kamot-pusa,  
Likom at mangungunyapít  
Ang mga tinik  
Sa namalikaskas mong binti;  
Hahalipawin mo ng kamay  
Mararamdaman mo –  
Ang panginginig  
Ang pamamanhid.  
Kagat na ang dilim  
At mamimintana na ang mga bituin,  
Ngunit di ka titigil  
Hanggang sapitin ang landas-tao.  
Mula sa kubo ay may sisigaw sa 'yo –  
"Maligayang pagdating!"  
Masaya ang tinig  
May pag-aanyaya.  
At magsisimula ka nang  
Maging mananangambuko.

## BALAT-SIBUYAS

Bahagyang salíng,  
Lílik ha ng galos  
O kayâ ay paltos.  
Mangangati –  
Kakamutin,  
Saka hahapdi.  
Magnananà,  
Konting sundot –  
Gigitaw,  
Pipigain,

Magsusugat –  
Magnanaknak,  
Maglalangib.  
Tutuklapin,  
Mamamangkókak –

Saka lalangasin  
Ng paglimot  
Ang di maghilom  
Na balat-sibuyas.

102518

## SA GITNA NG BUKID

Dali na mutya ko!  
Bangon sa 'yong papag at ika'y manaog,  
Dalhin ang bilao, bago pa liwanag  
Tuluyang sumabog.  
Maglalakad kata sa lunting pilapil  
Na saksâ ng hamog,  
Na inihilamos  
Sa gitna ng bukid,  
Nang langit, magmumog.

Sa bawat sakyod ko,  
Ang bawat belitâ timbunin mo sinta,  
At h'wag kaligtaang ang munti mong kamay  
Punyusan mo sana.  
Ako ang bahala sa natipong uhay  
Ang s'yang magkamáda,  
Saka magpiyukà  
Doon sa hampásang  
Mana ko kay ama.

Pag-akyat ni Pebo,  
Ang ating kulandong ibuhol mo hirang,  
Hawiin ang pasyók at saka latagan  
Ng pinaggiikan.  
Aking lulusungin— makipot na pigtas,  
Makakapa man lang  
Ng gurami't bulig  
O kaya'y liwalo't  
Aking iihaw.

Pirisín mo irog,  
Manibang kamatis na may manggang hilaw,  
At konting sibuyas saka halubaybáy  
Na ating sawsawan.  
O kay sarap-sarap, kahit simple lamang  
Ang ating agahan

Ay makakatagal  
Kahit man saklóng ko  
Ay útod nang luwang.

Bago mananghali,  
Itatabi muna maragáteng lílik,  
At ipapahangin ang butil na ginto  
Na aking nagiik.  
Bistayin mo giliw at sa 'yong biláo  
Ay iyong itahip,  
Iwasan mo lamang  
Sumugba sa hangit't  
Mapuno ng gílik.

Ibuka mo mahal,  
At isisilid ko sa hawak mong sako  
Ang ating inani pagkat sa 'ting dampa  
Uuwi na tayo.  
Tirik na ang araw, tagos na sa iyong  
Bulí na sumbrero;  
Iatang mo sa 'kin  
Ang kaban ng palay,  
Dali na mutya ko!

091716

## **KATABI SA PAPAG**

*(Pasintabi sa makatang Ildefonso Santos)*

Marahang-marahang sumukob ka irog, sa aki'y payakap,  
Matutulog katang payapang-payapa, magtabi sa papag;  
Di na kailangang sapnan pang higaang binalat-bayawak;  
Sa sahi na yaring may bukong-kawayang binuong magalas.

Mamumungay mata kahit maaga pa, aking pipisilin  
At aking hahagkan, labi mong mapulang kaysarap simsimin;  
Patiyad ang tayô at maghahabulan ang hininga natin,  
Ngunit walang ingay kundi ang ingit lang ng piping pagdaing.

Pagdating sa leeg, mapapaurong kang parang nangingimi;  
Gaganyakin kita sa dako pa roon kung sa'n may kiliti;  
Doon sa malukong – bewang at balakang-kabigha-bighani;  
Hindi kaya natin mapuno ng tukso ang mga butiki?

Pagdarapit-doon – kata'y magbabalik sa pinanggalingan,  
Sugatan ang likod at kalmot ang balat, pagod ang katawan;  
Talagang ganoon, sa papag man irog ng kaligayahan,  
Lahat pati nguso ay nababangas ding marahang-marahan.

081418

## HUNUSDILI

Ako ang nagtanim ng butil,  
At nang anihin  
Halos ibig na nilang hingin.  
Mura nang bilhin,  
Mahal nang kiskisin.

Ako ang nagsasaka  
Sa lupang ang halaga'y  
Iniipit nilang talaga.  
Pag ibebenta ay mura,  
Mahal, pag nagkakalsada.

Yayaman lang ako  
Kung ang bukid na ito  
Bago ako ay yumao  
Ay maging sementeryo.

Freelipiniana

## SEMENTADONG PITAK

Lumalawak ang lansangan,  
Sa isang magsasaka'y  
Malapit na ang libingan.

Di problema ang biláran  
Nitong palay sa probins'ya,  
Lumalawak ang lansangan.

Dumarami ang tirahan,  
Magkakakrus ang kalsada't  
Malapit na ang libingan.

Sinasakop ang sakahan,  
Umuusbong ang pabrika't  
Lumalawak ang lansangan.

Pagsapit sa pamilihan  
Parang karit ang paninda,  
Malapit na ang libingan.

Mga sako'y parang tiyan—  
Kaumakalam, nagwewelga,  
Lumalawak ang lansangan,  
Malapit na ang libingan!

## AANHIN MO ANG KALSADA?

Aanhin mo ang kalsadang  
Sa pinitak ng bános mo ay kumamkam?  
Ang kariton at kareta  
Ay di naman makaraan.

Aanhin mo ang kalsadang  
Kunwari pang sa gobyerno'y pinaraan?  
Sa sabwatang ika'y tangang  
Hindi naman nabayaran.

Aanhin mo ang kalsadang  
Hindi naman mabilarán ng kinabán—  
Ng butil na malabága't  
Tumutubo na sa ipa?

Aanhin mo ang kalsadang  
Tinapunan ng kung sinong mga bangkay?  
Abángan ng nagkasala't  
Sakayan ng huling para.

Aanhin mo ang kalsadang  
Sakali mo na daanan at tawiran  
Ay sa huling paglalakbay,  
Hahagisan nitong barya.



## MAY ITINATAGO ANG BUGHAW NA LANGIT

Hubad ang katotohanang  
Ikaw at ako'y may paninging  
Nasisilaw sa ningning  
Ng namimilaylay na araw  
Sa kalawakan.

May itinatago ang bughaw na langit.  
Nasisilip sa lenteng walang mata  
Ang nakabubulag na bagay  
Na napakaliit at napakalaki  
Sa malapit at malayo  
Na kalawakan.

May itinatago ang bughaw na langit.  
Nagpapakalulong sa pagnanasa  
At tinititigang may pagkaulol  
Ang kariktang nakasasabik  
Na umiindak sa pulang ilaw  
Ng kalawakan.

May itinatago ang bughaw na langit.  
Kumukutitap ang mga buliga't  
Hinihila ng antok ang mga talukap  
Sa unan at kumot ng pagkukunwari  
Patungo sa pananaginip  
Sa kalawakan.

May itinatago ang bughaw na langit.  
Ngunit bakit matutulog  
Gayong ang kahangalan  
Ay sumusuyod sa nahubdang  
Salamin ng "Big Bang"  
Sa kalawakan.

May itinatago ang bughaw na langit.

## SAKUNDALIT

Natapos na ang panahon –  
Ng gilik at alimuom,  
Ng kapút at sampung lílik  
Ng belità at mandalâ.  
Naranasan mo ba iyon –  
Ang magpasán at magsunóng,  
Gumapas at mangaridkíd  
Ng tulyápis, palay, ipa.  
Hinding-hindi't wala ngayong –  
Proletaryo't panginoon,  
Walang paang magpuputik  
Sa banâ ng bawat sáka.  
Iba na ang lumulusong –  
Sa dati na pitong saklóng,  
Mayroon nang mga karit –  
Gumugusad na makina.  
Wala na ring ika-sampung –  
Mahuhunós sa may sakong –  
Naging húnos sa paggiik  
Ng nagmaliw na kamáda.  
Hinayaan na bumangon –  
Halimaw na gumugulong,  
Mga kawal nitong bukid,  
Nag-asawa na ng iba.  
Nagdidildil ng panaghoy –  
Sa dampa na nagulanit,  
Habang iba 'y umuukit  
Na may lingkáw sa lapida.

## SINTIGAS NANG TININGKAL

Ang puso mo ay sintigas nang tiningkál  
Hindi kaya na maangkin kahit hawak,  
Sumusugat sa palad ko na makapal.

Wari ko ba'y sa malaong pagkasakmal,  
Mata'y walang ngilid-luhang ipapatak,  
Ang puso mo ay sintigas nang tiningkál.

Wala na nga ang lagkit ng pagmamahal  
Sa nasa ko'y walang katas, nabibitak,  
Sumusugat sa palad ko na makapal.

Sinikap mang sa paglimot ay ibakál,  
Sa dibdib mo kahit bagya'y di bumakbák,  
Ang puso mo ay sintigas nang tiningkál

Ang tulaing sa 'yo dati'y inuusal  
Di tumundos sa 'yong tigang na pinitak,  
Sumusugat sa palad ko na makapal.

Dahil kaya sa pagsuyo ako'y hangal?  
Sa pilapil na napigtas, ika'y pasak,  
Ang puso mo ay sintigas nang tiningkál,  
Sumusugat sa palad ko na makapal.

## DILANG

### I

Sinunog ang mantalóna,  
Kinatay na ang matsora,  
Ibinalíbol ang suga —  
Itinulos sa akasya.  
Kinahoy ko ang kareta,  
Pati na rin ang paleta.  
Ang suyod ko at araro  
Ay aking ipinakilo,  
Kasama na ang Yamato,  
Pambasag at maging disko.  
Mayroon pang mga sako,  
Siyete pesos per piraso.  
Ang lingkáw kong maragáte,  
Inarbor ng saragate;  
Sa dulo ng orisonte,  
Kumapal na ang sakate.  
Sa may loteng binakante,  
May ulalo ang kamote.

### II

Ang kawan ng túmpapális  
Sa pitak ay nangapalis,  
Pagkat walang matang-hapis  
Yaong sangkang di na batis.  
Walang hamog sa may tambis  
O ulap na tumatangis.  
Ang naroo'y isang ilang,  
Mga damo'y nangalirang;  
Maging hayop naiilang,  
Walang ibong iilanlang —  
Natatakot na malinlang  
Ng bitukang mga halang.  
Ang pilapil ay di landas  
Ng binti na malikaskas,  
Di mahawan ng panabás

Nang dati na manggagapas;  
Ngayo'y ahas ang madalas  
Na doon ay mamalaspas.

### III

At ang bukid na sagisag  
Na timbulan nitong sipag  
Sa gawaing laging atag;  
Walang pasyók na kalisag,  
Ni belità ng nakalatag,  
Kahit tulos na pamitag.  
Pagkat sawa na at pagod  
Ang nahukot na gulugod,  
Lakad ay uugod-ugod,  
Di na maahon ang gulod.  
Tinanggap nang walang lugod  
Ang hamon ng taga-lungsod.  
Wag mo sana 'kong sisihin,  
At wag mo nang gagamitin;  
Pagkat di mo nanaisin  
Ang lahat ko na tiisin.  
Ibinenta ko ang bukirin –  
Bayaran mo at bawiin!

## MERIDA

Habang ako'y nakaratay sa banig ng karamdaman,  
Ang lahat kong mga anak sabay-sabay nagdatingan;  
Sa malamlam na paningin isa-isang tinitigan  
Pagkat yaon na marahil ang merída at paalam

Ang panganay ko na maestra ang una kong kinausap,  
Ang sabi ko'y pag-ingatan ang lahat kong mga aklat,  
Pagkat yaong kahapon kong doo'y pawang nakasulat  
Ay lapida kung tungkabi'y may aral na mabubuklat.

Matapos ay binalingan ang anak ko na kantero –  
“Sa ‘yo ay iiwanan ko ang pála ko na antigo,  
Gamitin mo na panghukay sa lote sa sementeryo,  
Panghalo sa palitada't asinta ng aking nitso.”

Sa bunso kong magsasaka't sawimpalad ko na anak  
Ay di ko na napigilan ang luha ko ay pumatak,  
Sa garalgal na tinig ko ay ganito yaring saad –  
"Ang ibig kong ariin mo'y mga pasô ko na luwad – "

"Lagyan mo ng mga tigkal buhat sa 'yong sákang banâ –  
Di malao'y iilitin pagkat sagad na ang sangla,  
Sa ibabaw ng libingan, ilagay mo't silbing tanda,  
Na tulad mo ay ako ring busabos na maglulupa.

## UPA(NG)-SANA(Y)

Gusto nilang mag-aral kayo  
Boknoy, upang matuto;  
Siyempre! Upang bitiwang ninyo ang araro,  
At masanay ang mga paa sa semento.

Gusto nilang mag-aral kayo  
Bornok, upang matuto;  
Siyempre! Upang tanawin ang ibayo  
At masanay ang sarili sa eroplano.

Gusto nilang mag-aral kayo  
Bokoy, upang matuto;  
Siyempre! Upang lisanin ang bahay kubo  
At masanay tumira sa istero.

Gusto mo bang mag-aral kayo?  
Bugok! Upang matuto.  
Hindi, upang mauto!  
Na sinasanay na kayong  
Maging magsasako.

Free!ipiniana

## PASYO(N)IPIT

Salamat daw po, kapitan!  
May ilaw na sa tarundón;  
Ang sabi nga ni Ba Undong –  
Madali nang manusóhong  
Di man lumusong sa lináng.

Ay! Salamat daw po, mayor!  
Sementado na ang daan;  
Ika nga po ni Mang Amang,  
Hindi na mapuputikan –  
Gulong ng kanyang kariton.

Salamat daw po, congressman!  
Do'n sa rice tariffication;  
Ang saad po ni Ka Terong –  
Di na sila magugutom,  
Bastante'ng palabigasan.

Salamat daw po, O, bokal!  
Sa reaper n'yong lumulusong,  
Kaysayá ni Tandang Temong –  
Kamáda'y di na malulumlom,  
Mabilis na ang anihan.

Salamat daw po, governor!  
Sabi ng inyong scholar;  
Kaya anak ni Ka Pilar –  
Di na hahawak ng lingkáw,  
Call center agent na ngayon.

Salamat daw po, senador!  
Pagkat meron nang pabahay;  
Ang pasya ni Aling Diday –  
Bayad sa lupang sakahan  
Ang kaniyang ipanda-down.



Salamat daw po, pangulo!  
Naiahon mo sa bukid;  
Ang mag-anak na Karidkid –  
Hindi na ninyo maririnig  
Na tawagin magsasako.

Freelipiniana

## TARI-PIKASYON

Isang kahig, isang tuka na nga kayo Ka Tulume,  
Na sa likod ng kalabaw, nangatututo't nagsilaki;  
Ngunit anak ng patuka sa manok,  
Kayo ba'y may utak na gagalamok?

Upang di ninyo maunawaang  
Unti-unti na kayong 'ginigisa sa sariling mantika,  
Sa likod ng kanilang simpatya ay inyo bang nalilining  
Na gustong-gusto nilang ang lupa ninyo ay kamkamin.

Por dos por kantos! Inyebra't binusa  
Tulyápis at kalog, nangangating itlog!  
Labing isang piso kada kilo  
Ng palay sa marka-demonyong merkado.

Anong masasabi nilang mga tagayari ng kalsada,  
Na nagbabawal magbilad doon at daanan ng karyáda?  
Kwarenta ang kilo ng kiskis at tatlong ulit ang presyo –  
Bandehang-dehado, kalahati ang reséko.

Kayo ay nagsalong na ng lingkáw  
Nang kumanâ sa pasyók ang halimaw,  
Ang mga sigaw ninyo ay napaos  
At naghunos-sako sa bános.

Isang kahig, isang tuka man kayo Ka Tulume,  
Na sa likod ng kalabaw nagsilaki,  
Ang lingkáw na kinalawang ay papandaying muli  
At sa kanilang lalamunan ay igigilit ninyong tari.

## GUSTONG-GUSTO NILA

Gustong-gusto talaga nila  
Ang sinabi ng iyong ama –  
Na mag-aral ka upang hindi mo danasin  
Ang dinanas niya sa bukirin.

### *Gustong-gusto nila ang mahihirap –*

Kaya naging libre ang matrikula  
Upang makapag-aral ka at hindi magsaka,  
At hindi mo na manahin  
Ang suyod at ararong kalawangin.

### *Gustong-gusto nila ang mahihirap –*

Kaya naging libre ang reseta  
Sa pagkahapo nang kung ilang dekada,  
At hindi na palusungin –  
Ang nirarayumang katawang patpatin.

### *Gustong-gusto nila ang mahihirap –*

Kaya mayroong libreng kalsada  
Sa tarundóng daan lamang dati ng kareta,  
Para madali raw makarating  
Sa papasukan ang mga tsikiting.

### *Gustong-gusto nila ang mahihirap –*

Kaya mayroong libreng ayuda  
Sa nagsisilikas sa bagyo at sigwa,  
Ayaw nilang sa bahay pabalikin  
Gusto na nilang sa eskuwelahan pagtagalin.

*Gustong-gusto nila ang mahihirap –*

Kaya mayroong libreng patirá  
Sa mga bahay na walang biga,  
Dahil baka muling lindolin  
Ang dating bahay na guwang daw sa ilalim.

*Gustong-gusto nila ang mahihirap –*

Kaya naging libre ang salamin sa mata,  
Na pawang magaganda ang ibig makita;  
Upang ang pagkabulid ay di sapitin  
Pagkat nasa ibaba na sila ng bangin.

*Gustong-gusto talaga nila ang mahihirap –*

Kaya naging libre ang panahong maging tanga,  
At patuloy na sa wala ay umasa,  
Na ang kabutihang panlipunan ay tamuhin  
Sa dulo ng buntot-paikot na hangarin.

## MILYANELLE 3019

*“Binubungkal nila ang kalsada tuwing tag-ulan,  
Aba! Baka puwede nating pagtaniman”-kt*

Kapag naglaho na ang mga bukirin  
Mga magsasaka'y lulusong kung saan —  
Ang pisngi ng langit ang aararuhin.

Itanim nila ang mga bituin  
At sa mga ulap ay padidiligan,  
Kapag naglaho na ang mga bukirin.

Sa pasô na araw sila'y magtanim  
Kung mayroong bagyo, buwa'y isisingkaw,  
Ang pisngi ng langit ang aararuhin.

Laksang bulalakaw yaong aanihin  
Mula sa gusaling lingkâw ay balangaw,  
Kapag naglaho na ang mga bukirin.

Ang dibdib ng dagat bunga'y sasahurin.  
Mga "skytractor" ay magliliparan,  
Ang pisngi ng langit ang aararuhin.

Buhangin na ginto'y bigas kung isaing,  
Umaasong graba ang palaging ulam,  
Kapag naglaho na ang mga bukirin;  
Ang pisngi ng langit ang aararuhin.

## PALAKA

"*Palakang malaki, palakang maliit, palaka rin.*"  
*-biruan sa tagayan*

Noon:

Sa lináng –

Sinusundan ng mga bata ang disko at suyod

At naglalabasan sa putik

Ang mga susohong at kantitiit;

Kapag di nila nahuli,

Dinadagit ang mga iyon ng mga timpapális.

Inaabatan nila ang pag-igpaw

At paglukso ng mga palaka,

Di sila magkamayaw sa pagdakma.

Sa palayán –

Kapag kumakapal na ang dahon

At sumasápaw na ang inuhay;

Dala-dala ng mga lola ang pamilmit at suwalok,

Itatawtaw nila buhat sa pilapil ang pamaing bulateng

Nakatali sa baliwasang

Taas-babang ikinukumpas;

Hanggang higitín ng kagat,

Iiigkas nila pataas ang huli at isusyut sa suwalok.

(Tinatalasan nila ang paningin

Dahil maaring bubuli o mamalakà

Ang kumagat sa pain.

Kapag ganooy

Niluluraan nila ang pain, gustong-gusto

Ng mga palaka ang amoy behang laway.)

Sa belità –

Marahan iniaangat ng nagpapayók

Mula sa humapay na pasyók

Ang mga inuhay upang ibuntón;

Mula rito ay lulukso buhat

Sa ilalim ang palaka –  
Pag mabagal: karag;  
Pag mabilis: totoo.  
Lílik sihan nila ang pagdakma.  
Sa limpiyadang pitak –  
Sa gabing madilim,  
Dalá ng mamamandaw ang pangílaw  
Na de kalbuero at salapáng.  
Sisilawin nila ang namamahingang  
Mga palaka.  
Hindi nila tinutuhog  
Ang mga berdeng mata,  
Kundi ang mamula-mula.  
Minsay apat ang mata –  
Magkapatong pala.

Ngayon:  
Sa pinitak –  
May patunog na  
Buhat sa cellphone  
Na humahalina  
Sa mga palaka upang magsilapit;  
Presto! Tutuhog-tuhugin  
Ang kanilang hita ng alambre.  
Sa kalsada –  
Nasasagasaan  
Ang mga palaka –  
Karag, bullfrog, palakang-saging  
Kokak at palakang-  
Bato.  
Walang pinipili ang sagasà.

## BISÍBIS

Kinaon nila si Tandang Piló  
Upang gamutin si Ba Enteng  
Na naghihingalo.

Upang gamutin si Ba Enteng  
Kanya itong pinulsuhan,  
At tinalian ang daliri ng leteng.

Kanya itong pinulsuhan,  
At pinadugo ang daliri  
Sakâ isinahod sa pinggan.

At pinadugo ang daliri't  
Marahang binulungan ng Latin  
Bago inalis ang tali.

Marahang binulungan ng Latin  
Ang pinggang may dugo at bigas  
At winisikan ng asin.

Ang pinggang may dugo at bigas  
Ay kaniyang ibinisibis,  
Paikot sa bahay at sa labas—

Ay kaniyang ibinisibis;  
Nagsunuran sa kanya ang lahat  
Na noon ay nananangis.

Nagsunuran sa kanya ang lahat  
Nang muli siyang pumanhik,  
Ang mata ni Ba Enteng ay nakadilat.  
Ang pulso'y wala nang pintig.



## BAGYO

Ang pagbugso nitong hangin ay pagaspas,  
Munting dampa, ang bubong ay mababaklas;  
Sa sawaling dingding nito'y humahampas,  
Ang unos na sa puso ko ay kaylakas.

Sa pagkidlat ang antanda'y dumudulog,  
Sinlakas ng susmaryosep ang pagkulog;  
Ang isip ko sa kawala'y umimbulog,  
Kung magbalik sana'y datnan akong tulog.

Ngunit mata ay lumagos sa bintana,  
Búsog waring mga tulos ipinana,  
Mga balag sa nalanos na tumana.  
Ang luha ko ay umagos nang sagana.

Ang pagpatak nitong ulan sa magdamag  
Parang saksak ng balaraw sa 'king hapag;  
Ang pagdanak at pag-apaw, walang habag-  
Na pagtadyak sa higaang nasa lapag.

Umuugong ang paligid, nagnangalit-  
Na dagundong n'yaring dibdib na may sákit;  
Dumadaong sa daigdig iyang langit,  
Ang alulong nitong Hades ay sasapit.

## HANTUNGAN

Kapag ako'y nilamon nang dilim—  
Wag mong tatangisan,  
Wag mong tatawagin,  
Ang aking pangalan.

Wag mong tatangisan—  
Pagkat hindi na magagawang  
Maibalik ang kaliwanagan  
Ng patak ng luha sa lupa.

Wag mong tatawagin—  
Dahil di na ako makalilingon  
Sa aking nahimbing  
Na sawing kahapon.

Ang aking pangalan—  
Sa lapida, h'wag ukitin  
Upang di na matandaan  
Kapag ako'y nilamon ng dilim.

Freelipiniana

## ALAY-AY

Pinipilit maramdaman  
Ang naranasan mo –  
Sa gitna ng lináng,  
Sa init ng araw  
At lamig ng ulan.  
Sinisikap maamoy  
Ang lunak –  
Ang burak ng tundós,  
Ang sanghaya ng uhay,  
Ang gilik at halayhay ng belità  
At alimuom ng dayámi.  
Hinahabol ulinig  
Ang mga himig –  
Takatak ng traktora,  
Pagaspas ng timpapális,  
Kokakan ng palaka,  
Gakgak ng bakáw at uwis,  
Sakyod ng lingkáw  
At bugal-bugal na buga  
Ng treser.  
Nanghihiram ng salamin  
Sa tanawing bukid –  
Na hindi naapakan  
At nahawakan.  
Nakikilasa  
Sa alat ng pawis  
At lansa ng dugo.  
Nakikitundós  
Sa baling-asa  
At sementadong  
Bukid.

## LANGGÓT

Bago matuyo't kainin ng lupa,  
Ako'y may isasaysay  
Nang hindi pa ako kinikitil  
Ng lilik.  
Naririnig ko dakong huli  
Ang mga usapan at anasan  
Ng mga magsisibuyas –  
Ang kanilang hirap  
Sa pagkakama at pagpapatubig.  
Limang lata ang pinanggalingan ko  
Nanggaling di umano sa Intsik,  
At naikadkad ang pinagsuplingan ko  
Ng mga rukít  
Sa lupang buhaghag ng tumana.  
Ilang beses daw nagpadamo  
Upang di kami madaig sa sustansiyang  
Dulot ng abono.  
Naging malusog kami at umalsa ang mga supling  
Na pinagsuplingan ko,  
Ang sibuyas.  
Hanggang sa dumating ang panahong  
Pinaghiwalay kami –  
Nanatili akong bunton  
Sa mga uka-ukang kama,  
At ang mga sibuyas ay inilagay sa buriki.  
Ilang araw lamang ay putok na umalingawngaw  
Ang balita hanggang dito.  
Nagbaril sa sarili ang may-ari nitong tumana.  
Bagsak-presyo ang sibuyas.  
Sabay kaming papasa-lupa.

Mga buriki ina ninyo!

## BAROG

Magkapút ka anak  
At magpandong  
Bago ka lumusong  
Sa saklong.  
Bagtasin ang tarundón –  
Mag-ingat sa pilapil,  
Baka may ulupong.  
Magtayo ng kulandong.  
Sumakyod ka  
Sa katimyasan  
Ng mga inuhay  
Ng palay.  
H'wag mong puta-putakiin  
At iwasan ang patukbâ,  
Ihalayhay sa pasyók  
Ang mga belità.  
Itimbon  
Ibaterya, ikamáda.  
Umuwi ka nang sibsib.  
Bukas tayo mambabarog,  
Magpapahangin, magtatatahip,  
At magbibistay.  
Ganito tayo,  
Nabubuhay at mamamatay.

## BALI BA SI TANA?

Iyon ngang pinagkakautangan ko  
Nang libu-libo at ang inutang ko  
Ay ginamit ko pa,  
Hindi ko binabayaran.  
Hindi dahil sa wala akong pera  
Kundi dahil sa haragan  
Akong sinisingil  
Na parang dangal ko na  
Ang ipambabayad.

Gasino pa  
Ang di ko pinagkautangan  
At ako'y talampakang sinisingil.  
Bali ba si Tanâ?  
Magbabayad akong  
Di naman kumana.

Freelipiniana

## SILA

Siláng walang danas  
Malipasang-gutom –  
Ay sumisigaw  
Sa kalam ng bituka.

Umaangal sa mahal  
Ng pangunahing kailangang –  
Higit pa roon ang kayang bilhin  
Sa kapal ng portamoneda.  
Umiismid sa taas  
Ng pamasaheng dagdag kita  
Sa sinimpatyang driver  
Na minsá'y siya, sa sariling kotse –

Isang gabi ay nakabundol nang tumatawid –  
Na patpating babae sa pedestrian.  
Sumabog sa lansangan  
Ang nakasupot na pagpag.  
Maraming nakakita –  
Maging ang pulang ilaw- trapiko  
Na naging berde  
kayâ nagsipagpatuloy sa kanilang patutunguhan –

Kinabukasan,  
Laman ng patakbuhing peryodiko  
Ang lasog na katawan ng babae;  
Katabi ng kolum ang scoop –  
Ng driver kagabi,  
Tungkol sa pinatay na mga magsasaka.

## HULIP

Punlang inasahan mong  
Itinundos sa lináng  
Ay mabubuhay at mag-uuhay ng butil na palay.

Ngunit ang iba ay mabubulok  
Sa putik pago pa matukol  
Malulusaw ang ugat.

Kayâ kahit mag-putaki ang hanay sa pitak  
Papalitan mo ang nasira  
Upang makabawi sa inutang na punla.

Freelipiniana



## BAKASYON NG DISYEMBRE

Ganito tayo noon  
Kapag walang pasok –  
Nagpapalipad tayo ng buradór,  
Nandadagâ sa mga pilapil,  
Nagkakarera ng pagulóng,  
Nagbabalibagan ng tiningkál,  
Naghuhulma ng putik  
Sa bukid.  
Naninirador ng tarát,  
Nag-uukyabit sa bayabas,  
Bumabangal ng sanga ng akasya,  
Gumagawa ng kubo-kubuhan  
Sa punò ng duhat  
Sa duluhan.  
Nagsasabit ng medyas,  
(Na ginagawang punyos kalaunan)  
Nangagaroling,  
Nambabalibag ng bubong,  
Nakikikain  
Sa bahay-bahay.

Ngayon –  
Gumagawa ng buradór ng tula,  
Dinadagâ ang dibdib,  
Nakikipagkarera sa gulong ng oras,  
Nababató sa mga sukat,  
Naghuhulma ng tugma,  
Sa mga saknong.  
Naninirador ng talinghaga,  
Nag-uukyabit sa haraya,  
Bumabangál ng tayutay,  
Gumagawa ng sayusay

Sa taludtod.  
Nagpopost sa fb  
(Natatabunan kalaunan)  
Bumabati sa messenger,  
Nagco-comment sa post ng iba,  
Nakikipagkita —  
Kung kani-kanino,  
Kung saan-saan.

Ako na lang —  
Dahil nagbakasyon ka na  
Sa malayò  
Nang walang balíkan.

Freelipiniana

## LIGTA

Sinuyod ng tanaw ang maputlang araw  
Sa pitak ng diwa na batbat ng lungkaw,  
Pinilit ibaon sa sa hungkag na usaw  
Ngunit ang linggatong ay hindi humulaw.

Sinakyod ang landas na nag aapura  
Walang lingon-likod ang dapit- umaga,  
Sa bawat pilapil ng hapis at dusa  
Ay mayro'ng tarundón at bunton ng saya.

Sa pigtas ng hakbang ng bawat minuto  
Ay ginigiyagis ng sanlaksang tukso,  
Sa salaming ulap ng isang anino  
Waring sinusundan ng sariling multo.

At sa bawat galaw lalong lumulubog  
Katulad sa araw na nagkukumahog,  
Sa bilis ng nasang lahat masalusog  
Kumba't sa likmuan hindi makaasog.

Sa kamáda't timbon ng inaasahan  
Nagsabulalakaw yaring panambitan  
Mayroong agunyas ang patak ng ulan  
Sa takipsilim ko – himutok iiwan.

## SA GILID NG SAPA

Ang buslo't salakáb maging ang salapáng  
Ay dalhin mo giliw,  
Habang ang pamilmít  
Pati ang pamain naman ang sa akin.  
Magbuhat sa dampa hanggang dun sa sapa'y  
Ating lalakaran  
Kaya ang bakya mo  
Ay baka mapigtas h 'wag mo nang suotin.  
Sapagkat maputik ang dakong tarundón  
Nating lalandasin...  
Ang aking kareta,  
H'wag na nating sakya't 'di makakarating.

Pagdating sa sapa'y  
Humanap ka hirang ng pagtatawtawan,  
Magalaw na tubig na may uli-uli  
Ay iyong iwasan;  
Baka masalabit  
Ang simà na taglay ay iyong ingatan,  
Kapag daw maingay  
Ang tubig tandaang ito ay mababaw.  
Igawi sa dulo ang iyong pabigat  
Malapit sa umang  
At saka ihagis –  
Hintaying gumalaw ang gomang palutang.

Kapag ang palutang  
Napansin mo irog, lilitaw-lulubog  
Higitin mong bigla yaong baliwasang  
Lanubò ng bayog;  
Baka makawala,  
Ang isdang kumagat ay baka mahulog,

Doon sa duruan  
Baka wala tayo na maitutuhog.  
At kung sakali mang sa buslo ay wala  
Kahit galukaok  
Tayo na mabilmit ay sisikapin ko  
Na magkapanahóg.

Eto ang panahog mula sa patalbog  
Ni Tonyong palaka  
Na aking pinandaw gamit ang salapang,  
Kaylaking tilapya;  
Kayrami pang hipon  
Kaya ang salakab iyabot mo mutya  
Upang mayr'on tayo na maihilabos  
Pagbalik sa dampa.  
Ang burasi namang sa gawing harap ko'y  
Bigla mong dinakma;  
Hindi ba masarap na pagmantinkain  
Sa'yong kakang-gata?

Iyo ring gataan  
Maganda kong dilag ang malaking dalag;  
Ipiprito naman ang mga talanding  
Aking nasalakab.  
Tara nang umahon,  
Baka si Ba Tonyo'y dumating kaagad,  
At tayo'y ratratin  
Ng kanyang bunganga na parang armalayt.  
Tena! Hindi nga ba't kailangan ko pang sa ati'y magsibak –  
Oy! Kaya mo pa bang  
Buhatin ang buslo pati ang salakab?

## SAKNONG

*"Biglang rumagasa sa aking gunita  
ang mga kahapon na tigib ng tuwa"*

Bago pa magbangon sa bundok ang araw:  
Ako'y naroroon at gumagapas na sa pitak na táraw;  
Matimyas na uhay, niyayapos nitong maragáteng lingkáw;  
Sa bawat pagsulong sadsarang pilapil pilit tinatanaw.  
Saklong nabibitak kapagka dayatan, kung tag-ula'y lungkaw,  
Tila ba damdamin na uhaw at apaw.

Sa bawat pagsayad ng punyos sa pasyók  
Ang mga belita na nakahalayhay ang naitutumpok;  
Hanggang sa silangang liwanag at sikat tuluyang pumutok,  
Aking sinisikap makaluwang man lang sa 'king pagpapayok.  
Kapag iyang init sa sumbrerong buli'y tumagos sa tuktok,  
Ay magpapahinga sa punong sampalok.

Doon ihihilig ang katawang hapo,  
Doon ay iinom ng tubig na wari'y higit pa sa ginto.  
Muli na lulusong kapagka ang hangin ay pabugso-bugso;  
Mag-iinot-inot na puta-putaki hanggang makalayo.  
Naiwang patukba'y hindi alintana basta makatagpo  
Ng salay ng pipit o pugad ng pugo.

Hanggang makaabot sa dulo ng bános  
Na mayro'ng aripit, tubig ay mababaw at hindi maagos;  
Aking sasagkaan ng mga tiningkál na di mabubugnos,  
Saka lilimasing walang patumanggang tubig ay maubos;  
Du'n magkikitawan ang mga liwalong tatlong dali halos,  
Mayroon pang hipong sarap ihalabos.

Ako ay aahon doon sa tarundón

At magpaparikit ng siit ng kahoy saka tuyong dahon;

Kapag nagbaga na aking isasalab ang nahuli roon

Hanggang matayantang, gurami'y maluto, mamula ang hipon.

Sa aking mutsila ay ilalabas ko ang kanin kong baon.

Saka aaryahang parang di kumain ng tatlumpung taon.

Pagka-pahinga ko, sa naroong gilid,

Balisbis ng dike; ang mga talahib sa paligid-ligid

Ay gagapasin ko at pagsusumpingin, gagawin kong lubid;

Sa mga belitang aking ititimbon ay ibabalibid.

Magiging bituka at palo ng buntong walang pagkabulid

Kahit lumakas man ang hangin sa bukid.

Pagkiling ng araw ay mag-aapurang-

Gumapas, magtimbon, magtali, magbuhat, Saka magkamáda.

Natatanaw ko na, paarkong giníkan niyong tilyadora,

Limang pitak na lang tiyak saklong ko na 'ng sasabakan nila.

Gasak ang daanan ng mala-inibay at mintig na paa,

Tila ba may lagnat ang aking hininga.

Sa tabi ng bunton sako'y ilalatag

At du'n mauupo at ipapahinga ang katawang yagyag,

Ilan pang sandali, ang sumbrerong buli, paypay ay pawagwag

Upang mapaalpas ang init sa dama ay naglalagablab.

Pamaya-maya pa'y idlip mapupuknat ng mga kalampag,

At ibabalikwas, pang-upo sa lapag.

Saka yayahapin ang bunton ng uhay,

Doon sa bandeha'y aking isasampa, bagyang isasablay.

Halos hindi ko na marinig sa utak ang lahat ng ingay,

Kundi ang halakhak sa aking damdamin na walang kapantay.

Binibilang-bilang ang nasasalansan na kinabáng palay;

Dinakot, kinilik ng ngalay kong kamay.

68Sa huling sandali ay akin ng hunos,

Magbuhat sa balde patungo sa sako ang ibinubuhos,

Sasapnan ng bunton, nalagas na butil ay aking hinaros,

At du'n sa mandala ako kumipkip ng kung ilang hangos,

Hanggang ang talaktak niyong tilyadora'y tuluyang napaos  
Ang paghihirap ko'y bahagyang natapos.

Sa aking pag-uwi'y magdarapit-hapon,  
Sunong ang kinabán habang ang pilapil ay tinatalunton;  
Kung ilang ulit nang muntik madupilas sa lusong at ahon,  
Upang makarating sa munti kong dampa sa dulo ng nayon.  
Ganito ang palad na aking dinanas; gunita ko noon-  
Na katulad wari ng buhay ko ngayon.

Freelipiniana



## Paano Patayin Ang Magsasaka?

Hindi sa pagbaril,  
Hindi sa pagbaril!  
Baka meron silang karbin,  
At maaring manlaban;  
Mapatay mo man sila'y  
Magsasaka pa rin ang mga anak.  
Hindi sa paglason,  
Hindi sa paglason!  
Dahil sanay silang maglason  
At amoy nila ang pamatay peste.  
Hindi sa pagbigti,  
Hindi sa pagbigti!  
Dahil matagal na silang nakatali  
Sa hanggang leeg na utang.  
Hindi sa paglunod,  
Hindi sa paglunod!  
Pagkat tuyo na ang pigtas  
At sanap na ang tubig sa pritul.  
Kung sasagkaan mo ang daloy,  
Kung sasagkaan mo ang daloy  
Ng irigasyon ay ipagbawal mo ring umulan.  
Kung papatayin mo ang kalakiyan  
Ay pasabugin mo rin ang traktora,  
Ay! Pasabugin mo rin ang traktora!  
Kung susunugin mo ang palayan  
Ay idamay mo ang mga kamalig  
At bilihan ng mga binhi,  
At bilihan ng mga binhi!  
Ngunit patuloy silang mabubuhay.  
Pag-aralin mo ang kanilang mga anak,  
Upang sila ay malipol.  
Upang sila ay malipol  
Ay ipasemento ang mga tarundon,  
Upang masanay silang sumakay  
Sa sasakyan at katayin ang kalabaw,  
Sa sasakyan at katayin ang kalabaw!

At ipangatong ang kariton.  
Ibagsak ang presyo ng palay,  
Ngunit huwag ang bigas.  
Ngunit huwag ang bigas!  
Sa ganoo'y ipagbibili nila  
Ang kanilang bukid.  
At sila'y mamamatay,  
At sila'y mamamatay!

Freelipiniana

## Ulilang Plato

Nagdilim ang pisngi  
Ng kaitaasa't namuo ang luha;  
Nagpalipat-lipat ang ibon sa sanga,  
Nagpalinga-linga.  
Ang mga inakay, pagsiyap ay waring di magtikom-tuka,  
Sa saláy na yagit tila naghihintay ng isang himala.  
Naglagos ang putok sa siwang ng dahon kasabay ng lintik,  
At di na narinig ang impit na twit-twit ng ibon sa siit;  
Wasak yaong dibdib  
Na nakatingala sa bubong na langit –  
Na ang naging tugon,  
Libo-libong patak ng ulang tikatik.  
Sa kanilang pugad,  
Ang mga inakay noon ay hinigit  
Ang huling hininga at di na nakuhang mata ay ipikit.  
Parang takipsilim, gayong nakataas ang kamay ng oras.  
May isang pulubi na palakad-lakad,  
Palad – nakalahad;  
Sinubok pumasok sa isang tindahan –  
Nang siya'y palabas,  
Bunganga ng punglo'y bumuga't umangil na nakasisindak.  
Sa gilid ng daan, dibdib ng pulubi'y may pulang likido.  
Sa pagkahandusay,  
Umiiling-iling na naghihingalo.  
Sa sulok ng mata'y  
Tila hinahanap ang kilalang – sino?  
At ang kanyang labi kung maririnig mo –  
"Ang mga anak ko! "  
Habang naghihintay  
Sa dampang gulanit ang mga aninong  
Wala nang iluha at nangakatitig sa ulilang plato.

## Litanya ng Magsasaka

Magsasakang nag-aararo ng lupa,  
Pakainin mo kami!  
Magsasakang nagpapatubig mulang sapa  
Pakainin mo kami!  
Magsasakang naghahasik ng punla,  
Pakainin mo kami!  
Magsasakang nagsasabog ng abono,  
Pakainin mo kami!  
Magsasakang nagwiwisik ng pestisidyo,  
Pakainin mo kami!  
Magsasakang nagbubunot niyong damo,  
Pakainin mo kami!  
Magsasakang sa bukiri'y gumagapas,  
Pakainin mo kami!  
Magsasakang, nagtitimbon, naglulugas,  
Pakainin mo kami!  
Magsasakang ang palay ay 'binibilad,  
Pakainin mo kami!  
Magsasakang nagbebenta ng kinaban,  
Pakainin mo kami!  
Magsasakang yaong sako'y walang laman,  
Pakainin mo kami!  
Magsasakang hanggang leeg yaong utang,  
Pakainin mo kami!  
Magsasakang kuko na lang ang may lupa,  
Pakainin mo kami!  
Magsasakang walang lupa at tumana,  
Pakainin mo kami!  
Magsasakang 'binaon sa kanyang lupa,  
Pakainin mo kami!  
Magsasakang sa daigdig ay nawala,  
Pakainin mo kami!

## Mga Talâ

**aláy-ay** *png* [ST]: tao-tauhang panakot sa ibon.

**albór** *png* [Tag]: tulos na kawayan sa gitna ng tumpok na dayámi o mandala.

**bágong-tao** *png Zoo* [Tag]: kalabaw o baka na malaki na ngunit hindi pa maaring ipanghila, ipang-araro o masakyan. *Var* BAGUNTÁO

**balálak** *pnr* [Tag]: pagkasabit sa sanga ng punongkahoy.  
*Var* SALÁLAK

**balángat** *png* [Tag]: pahilis o pabaluktot na dulo ng sungkit.  
*Var* SALÁNGAT

**baliwásan** *png Psd* [ST]: buho o kawayang hawakán ng pamingwit.

**bálong-bálong** *png* [ST]: silungan ng hayop at kagamitan ng magsasaka.

**bános** *png Agr* [Tag]: isang bloke ng mga pitak ng lupang sakahan.

**baróg** *png Agr* [Tag]: paggiik sa pamamagitan ng paghampas sa mga uhay ng palay.

**barók** *png* [Tag]: katulong ng maylupa sa pagsasaka.

**bastánte** *pnr* [Esp]: sapat.

**bélitâ** *png Agr* [Tag]: pahalayhay na tipon ng ginapas na palay.

**bisíbis** *png* [Ilk Tag]: pagsasaboy ng mga butil na bagay o pagwiwisik ng tubig.

**bulô** *png Zoo*: guya, anak ng kalabaw o baka.

**buntón** *png Agr* [Tag]: timbon, pinagsama-samang bélitâ ng palay.

**buradór** *png* [Esp volador]: maliit na saranggola

**burikè** *png Agr* [Ilk Tag]: pulang sako ng sibuyas.

**dílang** *png* [Ilk]: sinag ng liwanag buhat sa siwang.

**dísko** *png Agr* [Tag]: hugis platong metal na ipinang-aararo sa lupa na hila ng traktora.

**halímaw** *png Kol* [Tag]: traktora na panggapas ng palay.

**halubaybáy** *png*: bagoong na gawa sa dilis.

**hampásan** *png Agr* [Tag]: pamilyang metal na gamit sa paggiik ng palay.

**harábas** *png* [Tag] 1: insekto sa palay na pumuputol sa murang pasyók. 2: panabás ng magsasaka.

**húlip** *png Agr* [Seb Tag]: punlang ipinalit sa hindi nabuhay na tanim.

**hunós** *png*: kaparte ng manggagapas o magsasaka sa kabuoang ani.

**ibakál** *pnd* [Tag]: ibato, ibalibag.

**ibinalíbol** *pnd* [Tag]: inirolyo na lubid o suga.

**kabánan** *png Tag*: paraan ng pagbabayad nang nakasakong

palay sa pagkakautang.

**kamáda** *png* [Tag]: malaking salansan ng uhay ng palay o nakasakong palay.

**kamot-pusa** *png Bot* [Tag]: damong kauri ng makahiya.

**kantitiit** *png Zoo* [Tag]: balang na kulay itim na lumalabas sa lináng.

**karéta** *png* [Esp *carreta*]: paragos, patuki, sasakyang walang gulong na hinihila ng kalabaw.

**karidkíd** *png* [Ilk]: gusad, pagsisinop ng mga butil ng palay na nahulog sa lupa.

**karyáda** *png Agr*: mga kinabáng palay o anumang kargada ng kariton.

**kinabán** *png Agr* [Tag]: isang sakong palay.

**langgót** *png Agr* [Tag]: naputol na dahon ng halaman, karaniwan ay sibuyas o mani.

**lapát** *png Agr* [Tag]: manipis na tilad ng kawayan na ipinanali sa punla ng palay.

**lingkáw** (*png*)- lílik, panggapas

**lunák** *png Agr* [Tag]: malubak na bahagi ng bukid.

**magbásag** *pnd Agr* [Tag]: katawagan sa pag-aararo ng bukid.

**magsasakó** *png Alp* [Tag]: magsasakang walang napalâ sa inaning palay.

**mámalakà** *png Zoo* [Tag]: ahas na kumakain ng palaka.

**mangkókak** *png* [Tag]: lubhang pagnanana ng sugat.

**mantalóna** *pnr* [Esp]: sapin sa likod ng kalabaw.

**maragáte** *png Agr* [Tag]: panggapas na malalaki ang talim ng ngipin.

**merída** *png* [Tag]: pagpapahiwatig ng kamatayan.

**ngarílang** *png* [Tag]: tuyong dahon ng halaman.

**pabuhól-punlâ** *png Agr* [Tag]: pagbunot at pagtatali ng mga punla ng palay upang ilipat sa lináng.

**pagpág** *png* [Tag]1: nakuhang mga buti ng palay mula sa giníkan.  
2: nakuhang pagkain sa basurahan.

**paléta** *png Agr* [Tag]: tablang hinihila ng kalabaw upang patagin ang lináng.

**palimánaw** *png* [Tag]: isang uri ng maliit na panabás.

**palimpíng** *png Agr* [Tag]: gilid ng pilapil.

**pamilmit** *png* [Ilk Tag]: pamingwit.

**pandáw** *pnd* [ST]: pagtingin sa bitag

**panghapón** *png* [Tag]: tali sa sungay ng kalabaw.

**pang-ilong** *png* [Tag]: tali sa ilong ng kalabaw.

**pármal** *png Agr* [Tag]: traktorang ginagamit sa pagbubungkal ng lupa.

**pasyó** *pnd* [Tag]: pagdaan.

**patukbâ** *png Agr* [Tag]: naiwanang uhay ng palay na hindi nagapas.

**payók** *png* [Tag]: paggawang mag-isa.

**pilatók** *png* [Tag]: kauri ng tirador.

**pinagdulúhan** *png Agr* [Tag]: tumpok ng pasyók, ipa, gilik at palay.

**pirisín** *png* [Tag]: pigain

**piyukà** *png Agr* [Tag]: tali na may hawakang kahoy na ipinambubuhol sa uhay ng palay upang magiik sa hampasan.

**póknat** *png* [Tag]: peklat o pilat sa ulo.

**punyós** *png* [Tag]: guwantes ng magsasaka.

**pupóng** *png* [Tag]: naputol na sangang may malagong dahon.

**puta-putakí** *png Agr* [Tag]: paggapas na patungo sa kung saan-saang direksiyon.

**putók** *png* [Tag]: sobrang hinog na bunga ng kamatsili.

**reséko** *png Agr* [Tag]: pagbaba ng porsyento ng nakiskis na palay.

**rukít** *png Agr* [Tag]: kahoy o bakal na may tulis, gamit sa pagtatanim ng sibuyas.

**sábog-taníim** *png Agr* [Tag]: direktang paghahasik ng butil ng palay sa lináng.

**sakáte** *png* [Tag]: ginapas na damong ipinapakain sa hayop.

**saklóng** *png Agr* [Tag]: pitak na laang tamnan o gapasin.

**sakyód** *png Agr* [Tag]: pagputol ng pasyók ng palay, paggapas.

**salakáb** *png* [Tag]: suklob na panghuli ng isda na gawa sa kawayan.

**salapáng** *png* [Tag]: sibat na marami ang tulis sa dulo.

**sámuláw** *png* [Tag]: pagtakbo nang walang isang direksiyon.

**sangámbukó** *png Agr* [Tag]: uhay ng palay na muling sumibol sa pasyók matapos gapasin.

**sápaw** *png Agr*: unang sibol ng mga uhay ng palay.

**sibár** *png Agr* [Tag]: paghahagis ng mga punla ng palay.

**simà** *png Psd*: kawit sa dulo ng pamingwit.

**sumbáyog** *png* [Tag]: patunog na ikinakabit sa guryon o saranggola.

**susúhong** *png Zoo* [Kap]: kulisap sa bukid na may sipit sa bibig.

*Var SUSOHONG*

**suwálok** *png* [Tag]: buslo na may mahabang hawakan.

**táraw** *png Agr* [Tag]: ilang belitá na palatandaan ng saklong o takdang pinitak ng gagapasing palay.

**tarundón** *png* [Tag]: dike, mataas na tambak ng lupa na daanan ng sasakyang-bukid.

**tawtáw** *png Psd* [Tag]: sawsaw ng pamingwit.

**tilyadóra** *png Agr* [Tag]: makinang ginagamit sa paggiik ng palay.

**tímpapális** *png Zoo* [Tag]: ibong katulad ng langay-langayan na nanginginain ng mga insekto sa linang.

**tiningkál** *png* [Kap Tag]: tumigas na tipak ng lupa.

*Var* TINGKAL TIGKAL

**turóso** *png* [Tag]: pagtuturo sa wastong kilos ng kalabaw.

**tóratóra** *png*: eroplano noong panahon ng mga Hapon.

**tundós** *png Agr* [Tag]: paraan pagtatanim ng palay sa lináng.

**útod** *pnr* [Tag]: sukdulan

**únat-araw** *pnr* [Tag]: malakas na amba ng paghataw.

**uwís** *png Zoo* [Tag]: maitim na ibon na mapula ang tuka at ilong na karaniwang kumakain sa palayan.

Freelipiniana



